

1

Mula sa pagkakaupo ni Don Ariston sa sofa sa kanyang opisina ay tinungo niya ang office table kung saan naroon ang tumutunog pa ring telepono. Isa iyong private line at kung sinuman ang caller ngayon ay siguradong may mahalagang sasabihin. He was kind of expecting it since that morning and needless to say, he was running out of patience dahil mag-a-alas-doce na ng tanghali.

Pagkaabot na pagkaabot pa lamang sa telepono ay narinig niya na ang boses ng kaibigan, si Atty. Glenn Castro.

“Don Ariston, I’m sorry to have kept you waiting,” bati ni Glenn sa kabilang linya.

“I take it you bring good news. Hindi na makapaghihintay ang mga bagay na dapat ayusin, Castro,” sabi pa ng don na umayos ng pagkakaupo sa swivel chair. Matagal niya na ring inaayos ang legal matters patungkol sa hacienda at nais niyang magkaroon na iyon ng konklusyon.

“Nailagay na sa ayos ang mga ipinaaasikaso mo and I’ve made everything ready. Pirma mo na

lang ang kulang. I'll bring them to you tomorrow for signature at para ma-reaffirm na rin ang details," dagdag pa ng batang abogado.

Napagkakatiwalaan ito ng don dahil sa kabila ng laki ng agwat nila sa edad ay magkaibigan ang turingan nila. Isa pa, siya ang naging mentor nito noong nag-aaral pa lang ang binata ng abogasya.

"Mabuti naman kung ganoon. You know how important this is to me... and how about the girl, Castro? Mabuti ba naman ang lagay niya?"

"Yes, of course. You don't have to worry about her. I'll take care of everything no matter what happens."

"Good, good. I know I can rely on you. I just wish that we could straighten things out and put things back into perspective... just the way it should have been if I hadn't meddled up with other people's affairs." Kunot-noong napatigil ang don sa pagsasalita. Malalim ang hiningang pinakawalan niya bago muling nagpatuloy. "Castro, gusto kong asikasuhin mo nang personal ang bagay na ito. In time ay magbabalik din si Benedict dito sa hacienda and I hope everything will be ready by then. Maaasahan ba kita sa bagay na ito?"

“I give you my word, Don Ariston.”

“I’m counting on that, Castro.”

NAKITA NI KATRINA si Bridgette sa opisina kinabukasan. Ang babae ang nakababatang kapatid ni Benedict at nakaugalian na nitong dumalaw sa opisina kung maisipan. Kasalukuyan itong nakikipag-usap sa mga trabahador na nasa labas at nginitian siya nito nang makita.

Down to earth ang nag-iisang dalaga ng mga Rosales at kasundo naman niya ito kahit pa nga may pagka-spoiled brat at kahit pa nga ito ang nakababatang kapatid ng kanyang ex-boyfriend. Kunsabagay, matagal na iyon at pinilit na niyang kalimutan ang lalaki kahit pa nga may mga bagay sa hacienda na nakapagpapaalala nito sa kanya. Alam na niya ngayon na isang malaking pagkakamali ang maniwala sa dating nobyo. She should have known that Benedict would never be hers. Langit at lupa ang pagitan nilang dalawa at lalo lang siyang masasaktan kapag umasa pa rito.

Naantala ang kanyang pag-iisip nang makasalubong niya si Bridgette. Huli na para makaiwas pa. Hindi naman sa ayaw niya rito, kaya

lang naaalala niya si Benedict kapag nakikita ito. Sigurado siyang kukumustahin siya nito, itinuturing na kasi siya ng dalaga bilang isang nakatatandang kapatid.

“Hi, Katrina!” masayang bati nito sa kanya. Huminto siya sa paglalakad upang sandaling makipag-usap dito.

“Hello. Napasyal ka?” aniya.

“Ah, wala lang. Gusto ko lang kasing maglibut-libot tutal wala naman akong pasok ngayon. At saka naiinip na kasi ako sa bahay, eh.” Nag-aaral sa kolehiyo ang magandang dalaga.

“Gan'on ba? At nasaan si Don Ariston, hindi mo yata siya kasama ngayon?”

“Masama kasi ang pakiramdam ni Papa,” paliwanag nito na biglang nag-alala sa ama. “Ewan ko ba, pero lagi na lang masama ang pakiramdam niya these past few days. S'abi ko nga sa kanya, magpa-check-up agad sa doktor para hindi kami masyadong nag-aalala sa health niya. But you know my father... Matigas din kasi ang ulo n'on kung minsan. Lagi niyang sinasabi na okay lang ang pakiramdam niya, pero nag-aalala pa rin ako.”

Hindi rin maiwasan ni Katrina na makaramdam

din ng ganoon. Matagal niya na rin kasing nakasama ang don sa hacienda kaya kahit paano ay iniisip niya ang kalusugan nito. Gayunpaman, pilit niyang pinagaan ang kalooban ng nakababatang babae.

“Don’t worry about him so much. Sa palagay ko malusog naman ang don kaya lang ay napapagod sa trabaho. Gagaling din agad ’yon kapag nakapagpahinga na.” Nginitian ni Katrina ang babae.

“I think so, too.” Ngunit ang malungkot nitong mukha ay napalitan ng galak nang biglang may maalala. “Oh! Guess what?” sabi nito na hinawakan pa ang kanyang palad. Nagtatataka man sa inaasal ng babae ay sinakyan na lamang niya ito.

“What is it?” tanong niya.

“Ang sabi ni Papa ay malapit nang magbalik si Kuya! Isn’t that great? Sa totoo lang ay nami-miss ko na rin siya. Ang tagal na rin mula nang magkasama-sama kami. Papa said he’d be home a few months from now! May mga inaayos lamang daw na mga papeles.” Halatang-halata sa mukha ng babae ang kagalakan, at masaya rin naman siya para rito. Kaya lang...

Nakaramdam si Katrina ng nerbyos. Kung totoo nga ang sinasabi ni Bridgette, ibig sabihin ay malapit

na silang magkita ni Benedict. Heaven knows na hindi niya ito maiiwasan gustuhin man niya.

Finally, after five long years ay magbabalik na rin si Benedict. She didn't know whether to laugh or cry. Ang tanging alam niya, hindi dapat mahalata ng kaharap kung anuman ang tunay na emosyon niya.

“Yes, that's great,” tanging nausal ni Katrina. Ngunit sadyang matalas ang pakiramdam ng babae kaya tinanong siya nito.

“Is there something wrong, Kat?” Naramdaman niyang pinagmamasdan siya nito.

“Oh no! Nothing's wrong. Sumusumpong lang kasi ang migraine ko. Pasensya na.”

Hindi kumbinsido si Bridgette sa kanyang alibi kaya inisip niyang may alam siguro ito sa nakaraan nila ni Benedict kahit pa napakabata nito noong mga panahong iyon. Pero naisip niyang may naaalala pa siguro ito kaya siya pinakikiramdaman ngayon. Siguro nga. Matagal niya na rin kasing napapansin ang special attention nito sa kanya. Ibang-iba ang pakikitungo nito sa kanya kung ikukumpara sa ibang babae sa hacienda. Hindi niya alam kung nami-misinterpret lang niya ang mga kilos nito.

Muling nagsalita si Bridgette. “Really?”

Napakaaga namang sumumpong ng migraine na 'yan. It's not even nine a.m yet." Nakangiti ito at tila alam na alam ang kanyang iniisip.

“Okay lang. Gamot lang ang katapat nito.” Kahit kailan ay hindi niya aaming apektado siya sa sinabi nito. Matagal na ring panahon ang lumipas at inaasahan niyang nakalimutan na niya si Benedict. Gayunpaman ay hindi maitatangi ni Katrina ang kaba at takot sa dibdib. Takot sa kung anumang mangyayari kapag nagkaharap sila ng lalaki, at kaba na matuklasan nito ang kanyang sekreto. Kung puwede nga lamang niya ipakatagu-tago iyon hanggang sa huli, pero alam niyang hindi mangyayari iyon. Walang lihim na hindi nabubunyag, ayon sa isang kasabihan.

Kailangan na lang niyang paghandaan ang bagay na iyon kung sakali man.

Nagpaalam na siya kay Bridgette at tuluy-tuloy nang pumasok sa opisina. “I'll see you later,” pahabol pa nito. Ngunit hindi niya alam na kanina pa siya nito pinagmamasdan. Paghihinala at pagtataka ang nasa anyo ng mukha nito.

HINDI MAKAPAG-CONCENTRATE sa trabaho

si Katrina. Pilit kasing pumapasok sa isipan ang ibinalita ni Bridgette kanina.

Matagal nang panahon mula nang makita niya si Benedict. Parang napakahaba ng limang taon, pero hindi pala. Sa pakiwari niya ay nangyari lang ang lahat sa nakalipas na araw. Hindi niya inaasahang may mararamdaman pa siyang sakit dulot ng alaala niyon.

Damn it!

Limang taon mula nang magising siya sa katotohanan. Tama ang kasabihan na dapat ay piliin mo lang ang taong nababagay sa iyo. There was no use believing in fairy tales. Masyado pa kasi siyang bata noon kaya naniwala siyang 'All is fair in life and love.'

Kalokohan! Puro kalokohan ang naiisip niya. Kahit kailan ay hindi magkakatotoo ang kanyang pangarap, na magkakagusto ang isang tulad ni Benedict sa babaeng kagaya niya.

Isinuko na niya ang binata. Pero bakit may nararamdaman siyang galak sa dibdib sa katotohanang malapit na niya itong makita? Oo, totoong natatakot siyang makaharap ito, pero mas lamang ang nararamdaman niyang excitement.

Dahil kaya hindi pa rin niya ito nakakalimutan?

Ibig bang sabihin niyon ay walang silbi ang pagkumbinsi niya sa sariling burado na ang lalaki sa kanyang puso't isipan?

Pagkatapos ng masakit na ginawa nito sa kanya, bakit kaya pilit pa rin itong sumisiksik sa puso niya?

2

Pasado alas tres na ng madaling araw ngunit hindi pa rin makatulog si Benedict at nakadungaw lang sa bintana ng silid.

Bagaman pagod sa biyahe ay hindi siya makadama ng antok.

“Must be jet lag and the weather,” bulong niya sa sarili habang walang tigil sa paghithit sa sigarilyong hawak. Even to himself, it sounded like a lie. Alam niya ang rason kung bakit siya restless, pero ayaw na niyang pagtuunan iyon ng pansin.

Tatlong buwan ang nakalipas mula noong sumakabilang-buhay ang kanyang ama, si Don Ariston Rosales. Yes, he did come back for the funeral, then left again for the States para asikasuhin ang kanyang mga papeles, upang maging maayos ang lahat sa pagbabalik sa Pilipinas. He would be staying for good mainly because walang ibang mag-aasikaso ng hacienda.

Of course, he couldn't just pass the responsibility to his younger sister Bridgette, na sa kasalukuyan ay nasa college pa lang. Ngayong nagbalik na siya,

foremost priority niya ang pag-aasikaso sa mga naiwang ari-arian.

“Never mind that I didn’t want to be here in the first place,” bulong niya.

Years ago, he would have given anything just to stay in this place. But fate has a way of intervening when least expected. Maraming bagay ang nagbago, pati ang buo niyang pagkatao ay nagbago na rin.

Though he cherished Hacienda Rosales above everything else, he wasn’t sure now if it would be a good idea to manage this said inheritance.

“Everything will be different now,” he said to himself. He smoked his last stick of cigarette before deciding to get out of the mansion.

KATRINA SILENTLY hummed to herself while walking along the path going to her hiding place. Ang lugar na iyon ay may waterfalls na may kalayuan sa kanyang bahay. Ngunit hindi ininda ng babae ang distansya dahil napakaganda at napakatahimik ng lugar. Doon siya madalas magpunta kapag nais niyang magmuni-muni nang mag-isa.

Actually, private property iyon ng mga Rosales

at bawal talaga mag-trespass, pero ang kanyang ama ang caretaker niyon kaya malaya siyang makapupunta anumang oras.

Alas cinco 'y media pa lamang ng umaga kaya inaasahan na niyang walang gaanong tao sa daan. Mabuti na rin iyon. Kailangan niya ng katahimikan para makapag-isip-isip. Ngayong nagbalik na si Benedict Rosales, kailangan niyang pag-isipan kung paano ito haharapin. She didn't want to appear stupid and ignorant in front of him... katulad ng dati. Things had changed at dapat ay iyon ang ipapakita niya sa lalaki.

Quarter to six ay narating din niya ang waterfalls. Gaya ng nakagawian ay kaagad niyang tinanggal ang sandals, pati na rin ang suot na blouse and skirt. Sadyang itinira niya ang kamison at undergarments saka dali-daling lumusong sa tubig. Medyo malamig iyon, but she welcomed the coolness dahil masarap sa pakiramdam.

Mayamaya pa ay kinuha niya ang baong sabon na ipinatong sa batuhan kanina. She actually sighed like a purring cat nang muling lumusong sa tubig.

Katrina went on with her bathing while enjoying the scene.

“Napakaganda talaga ng paligid,” nasabi niya. Nakakalula ang tubig na nagmumula sa itaas at ang walang katapusang pagbuhos nito sa paanan ng waterfalls.

Natigil sa pagmumuni-muni ang dalaga nang may mamataan sa malayo. Napakunot-noo si Katrina at napatitig sa mga batuhan. May mga damit na panlalaki nasa ibabaw ng mga iyon.

“Oh, my God!” sambit niya at nagsimulang lumingun-lingon sa paligid. Hindi siya nag-iisa sa talon at pakiramdam niya ay pinagmamasdan siya nito. Nasaan kaya ang kung sinumang lalaking iyon?

Nagulat siya nang marinig ang isang boses sa di-kalayuan.

“I see you haven’t changed much, Ms. Montano,” si Benedict na nakasandal sa isang malaking bato sa gilid ng talon. The water was splashing directly on him at ang kalahating katawan lamang nito ang nakaahon sa tubig. No wonder she did not see him.

The sneering expression that was plasted on his face reminded her na hindi pa pala niya ito nasasagot. Dahil siguro sa pagkabigla sa presensya nito, o dahil hindi niya ito halos nakilala. He certainly matured over the years that passed.

Ang dating may kapayatang pangangatawan ay napalitan ng lean muscles. Ang boyish good looks nito ay nagbago na rin. There was hardness that could be seen in his beautifully chiseled face... in his arrogant, angled jaw, softened by his sensually sculpted lips. He still got the aristocratic nose and the high forehead. But his eyes... if not for those condemning, black eyes ay baka hindi na niya ito nakilala. Those piercing eyes were staring at her now.

“I’d say that comment also goes for you, Mr. Rosales.” *Conceited!* dagdag niya sa isip.

“I hate to disillusion you, but that’s not meant to be a comment,” walang gatol nitong pahayag. “You are currently disturbing my peace of mind, alam mo ba iyon? And right now you’re affecting my hormones. Would you care to do something about it, Kat?” Walang pangiangimi si Benedict habang patuloy ang paghagod ng tingin sa buo niyang katawan—mula ulo hanggang talampakan, and back again.

Ilang segundo ring natigalgal si Katrina. Nang makabawi sa shock ay tinugon ang nakangisi pa ring lalaki. Hindi siya papayag na bastusin nang ganito. How dare him talk to her as if she was a whore!

“Well, I’m sorry to disappoint your sensibilities

but I'm afraid you have to ask someone else. Or better yet, give yourself a cold shower!"

Tumalikod na si Katrina at nagsimulang maglakad palayo. He was hurting her again and she couldn't help the anger welling up inside.

Oh, why did he have to call her Kat? He used to call her that a long time ago...

"Trying to dismiss me, Kat? Bakit ka tumatakabong palayo?"

His words bit and it troubled her so. He was accusing her of running away, when in fact, he did exactly that five years ago. Sure, years had passed since then, pero sa pakiwari niya ay kahapon lang nangyari ang lahat.

"Look who's talking!" Tuloy pa rin sa paglalakad ng dalaga.

"Aw, come on now, Kat! Don't start acting as if you're a virgin or something. I'm telling you, it doesn't turn me on."

"As if I want you to!" *I hate you!*

Dali-daling nagbihis si Katrina at isinuot ang sandals. Nanginginig siya sa galit at gusto niya itong sampalin but, no! She won't give him the satisfaction.

Ni hindi niya ipapakitang kaya pa rin siya nitong saktan after all these years.

Mula sa kinaroroonan ay nagsimula na ring umahon sa tubig si Benedict.

“I’ll gladly indulge just in case you change your mind,” dagdag pa nito, wari ay bored na bored sa kanilang pag-uusap. She knew it in her bones, Benedict was deliberately trying to annoy her.

What was he trying to prove? Bakit tila galit na galit ito sa kanya gayong siya ang iniwan?

“You should have left me alone,” Katrina whispered the words softly. Wala na siyang pakialam kung narinig man siya ng binata.

Pagkatapos magsalita ay tumakbo na siya palayo. Away from Benedict... away from the man she dearly loved.

3

Nagpupuyos pa rin ang damdamin ni Katrina. Nakarating na siya sa kanilang bahay ay naririnig pa rin niya ang mapang-uyam na tinig ni Benedict. How dare he insult her na parang siya pa ang masama! It was him who went away and left her heart bleeding. Kahit pakaisipin ay hindi pa rin ma-justify ang actions ng lalaki. He was intolerably rude na akala mo ay kung sino.

Nagsisi siya nang matameme sa una nilang pagkikita. Ngunit hindi na mahalaga iyon sa ngayon. May trabaho siyang dapat pagtuunan ng pansin. She promised herself not to let personal issues interfere with her work in the hacienda. Moreover, she would prove to her new boss how immune she was of his presence.

Benedict can't hurt me anymore, aniya sa sarili. Whether she was stating a fact or just convincing herself, she didn't know.

BILANG ACCOUNTANT sa Hacienda Rosales, Katrina was indeed knowledgeable sa mga

transactions and business deals na nagaganap dito. Siya ang in-charge sa documentation ng financial reports na isa-submit naman sa mga Rosales.

Almost two years na niya iyong ginagawa sa tulong ni Glenn, ang kanyang nagsisilbing partner, confidant at malapit na kaibigan. Sa hindi mabilang na paraan ay palagi na lang siyang tinutulungan nito. Kung minsan nga ay nagtataka siya kung bakit, alam naman kasi niyang kaibigan lang ang turing nito sa kanya. At gayundin naman siya rito. Ang ibang tao nga lang ang nagbibigay ng ibang pakahulugan but despite all these, Glenn remained oblivious to gossips.

Sa kasalukuyan, ay nasa loob sila ng opisina at pinag-uusapan ang ilang business matters.

“If you’re asking for my opinion, Glenn, I think it’s best kung i-try nating makipag-negotiate sa kabilang hacienda. I have this feeling na hindi nila tayo matatanggihan... their breed of horses possess qualities that we’re looking for.”

“Tama ka. I personally saw them myself,” maikling sagot ni Glenn.

“Then, kailangan na nating i-close ang deal. I really don’t understand the delay... those horses are

known for their strength and ours for good bloodlines. You can imagine kung anong klaseng breed ang puwede tayong magkaroon pag nagkataon.”

“But, Katrina, I think you are forgetting something. Kung ako lang ang tatanungin, matagal ko nang ginawa ’yan. Of course, we should inform our new boss about it. It’s not entirely up to him, you know.” Napapangiti ang lalaki sa anxiousness ng kaibigan.

“Oh, I almost forgot,” napapangiti na ring sabi ni Katrina. Bagaman biglang nag-palpitate ang puso niya pagkaalala kay Benedict.

It was ironic na may nararamdaman siyang galak sa pagbabalik ng binata samantalang ang lalaki naman ay pang-iinsulto ang isinalubong sa kanya. Only God knows why he was doing that.

“Is there something wrong?” tanong kaagad ng kaibigan. Glenn has known Katrina for a considerable length of time at masasabing kilala na siya nito. Alam nito kapag may bumabagabag sa kanya.

“I’m fine. May bigla lang akong naalala.”

“You have already seen him, Katrina.” It was a statement rather than a question. Nakakabigla sa part ng babae dahil akala niya ay naitago niya

kanina ang nararamdaman.

“You could always read me like a book and you know it. Nakakainis ka talaga kung minsan but yes, I’ve seen him kung iyon ang gusto mong malaman.”

Hindi na umimik si Glenn. Mataman lang siyang tiningnan ngunit nanatiling tahimik.

Isa sa mga bagay na hinahangaan niya sa lalaki ay ang pagiging sensitive nito sa nararamdaman ng isang babae. Alam nito kung kailan magbibigay ng payo at kung kailan tatahimik at makikinig lang. Nagtataka nga siya sa sarili kung bakit older brother lang ang tingin niya rito. Hindi naman siya bulag para hindi makita o i-recognize man lang ang sex appeal nito sa mga babae.

Siguro ganoon talaga kapag ibinigay mo na nang lubusan ang puso mo sa isang tao. Ganoon siguro ang tao kapag minsan nang nasaktan. Ang sabi nga nila, ‘once burned, twice shy.’

“Something tells me na hindi naging maganda ang reunion n’yo. But it’s not really my business. I understand kung ayaw mong magsalita tungkol d’on.” Si Glenn.

“And I really thank you for that, Glenn.”

Pagkatapos niyon ay tumayo na ang lalaki at nagpaalam ngunit bago pa tuluyang makalabas ng pinto ay muling hinarap si Katrina.

“You should tell him about Joshua. Sooner or later ay malalaman din niya ang totoo and you will not like the consequences kung sa iba pa niya malalaman.”

“Do you think I don’t know that?” mahinang bulong ni Katrina.

Tango lang ang isinagot ni Glenn at tuluy-tuloy nang lumabas ng opisina.

May mga ibang bagay pa siyang dapat asikasuhin besides business and it would be beneficial kung umayon sa kanya ang pagkakataon.

KINABUKASAN, nagulantang si Katrina nang mag-ring ang telepono sa opisina bandang alas cuatro ng hapon.

It was Benedict at pinapupunta siya sa mansion ora mismo. Nainis na naman siya sa inaasal nito. The mansion was only minutes away from the office at puwede naman itong magpunta sa kinaroroonan niya anumang oras. Again, she thought Benedict

was deliberately trying to annoy her.

Pagkarating sa Hacienda Rosales ay kaagad siyang sinalubong ni Lira, isa sa mga katulong sa mansyon.

Matagal na niya itong kilala dahil sa madalas na pagbisita niya noon kay Don Ariston.

Naging napakabait ng don sa kanya.

“Ms. Katrina, hinihintay ka na ni Sir Benedict sa library,” nakangiting sabi ng maid.

“Okay, pupunta na ako doon. Salamat, Lira.”

Tango lang ang sagot sa kanya ng katulong at pagkatapos ay nagmamadaling tinungo ang opisina na ng lalaki.

Ang office cum library ay nasa first floor, gawing kanan. Nang marating ang pintuan ay kumatok muna si Katrina.

“Come in.” Maawtoridad ang boses ni Benedict.

She squinted as she entered the room. The room was dark because the blinds were close.

Tumayo ang lalaki upang buksan ang bintana at pagkatapos ay sinenyasan siyang maupo sa silyang nasa harap ng mesa nito.

He returned to his swivel chair, then remained silent for a few seconds.

He was looking at her intently and it made her feel queasy.

“You’re even more beautiful than I remember,” nakangising saad ng lalaki.

Katrina didn’t think for a second that it was a praise. Coming from him, it sounded more like an insult.

“I beg your pardon?” Hindi pa rin makahuma ang dalaga.

“You heard me. I’m not inclined to repeat.”

“You asked me to come here para lang sabihin ’yan? I’ve got a lot better use of my time at binabayaran n’yo ako to use my time effectively. I’m sure may importante kayong sasabihin.”

Benedict was standing behind her back. He was toying with her and she didn’t like it.

“Atty. Castro told me that he has personally chosen you for the position. Is that right?”

“Tama ka.”

“I wonder... why is that?”

“You’re implying something?” Katrina was appalled to learn that he has been thinking that way.

“I’m not implying anything. Rather, I’m trying to avoid gossips circulating around my employees. What you should do is mind your own business, Ms. Montano, habang nasa loob ng hacienda. I don’t care what you do outside of it.”

“I beg your pardon? Last time I heard, I’m minding my own business, Sir. I cannot think of a reason for you to believe otherwise.”

Although, tinatawag niya itong ‘sir’ ay walang bahid na kahit kaunting respeto sa kanyang tono. Anyway, tinatawag lang naman niya itong ‘sir’ kapag may ibang tao.

“I hope paninindigan mo ’yang sinasabi mo, Ms. Montano.”

Pagkatapos magsalita ay umupo na itong muli at binuklat ang mga documents na nakapatong sa mesa. Ibinigay ang isa sa mga iyon kay Katrina at sinabi, “Show me what you’ve done in the last few months.”

Hindi makapaniwala si Katrina. Parang walang nangyari kaya kahit nahihirapang mag-concentrate, pinilit pa rin ng dalaga na magpaka-proffesional.

Broken Promises - Olivia Ray

After all, ayaw niyang maliitin siya ng mayabang na lalaking ito.

4

Almost two weeks had passed mula nang dumating si Benedict sa Hacienda Rosales. Maraming trabaho ang kailangang asikasuhin kaya naman he was having a hard time keeping up.

Besides paperworks, Benedict personally visited their properties. Ang sugar plantation ay maayos naman. Ang rancho ang kailangan niyang bigyan ng atensyon.

At this time of year ay kailangang i-supervise niya ang breeding, branding at training ng mga kabayo.

Routinary lang naman ang kanyang schedule, more or less. Wala namang remarkable events na nangyayari maliban na lang when he was bullying Katrina.

Nang umuwi siya rito sa Pilipinas ay wala sa isip niya na gawin iyon. Until he saw Katrina in the waterfalls. All of the memories came flooding back at him at kahit na anong pilit na kalimutan iyon ay hindi niya magawa. He loved her far too much. Ang buong akala niya ay nakabaon na ang lahat sa limot

sa ilang taon na paghihiwalay nila.

Noon, he would have given heaven and earth just to be with her. Kaya nga nang pumunta si Benedict sa States para mag-aral, kulang na lang ay hilahin ang mga araw para makabalik sa Pilipinas.

Magkasama silang nangangarap noon. They were both young and too idealistic. Mas matanda siya nang isang taon sa babae who was only eighteen at the time. Third year na siya noon sa isang business school sa US, samantalang second year ang babae sa pinapasukang unibersidad sa kabisera.

Natatandaan niya pa nang una silang magkita...

He was walking toward the waterfalls para mag-relax nang may maulinigang tinig.

Could it possibly be his younger sister, Bridgette? What was she doing here at wala pa yatang chaperone?

Napakadelikado para sa isang thirteen-year-old girl to go there unchaperoned...

He went hiding behind the big boulders para sana gulatin ito. Instead, siya ang nabigla. He didn't expect to see a girl swimming in the water. She was laughing at animo batang tuwang-tuwa.

At that moment, Benedict was spellbound. The girl was exotically beautiful wearing only a thin sort of material na umaabot hanggang mid-thigh. Her long black hair was prettily messed up and tangled. Her sensuous lips were curved into a half-smile. Benedict found himself unable to speak even if his life depended on it. This girl was certainly not his sister.

He wasn't sure how long he remained there motionless. Basta ang alam niya, ayaw niya nang umalis sa lugar na iyon.

Who is she?

Then he realized na biglang napatigil sa ginagawa ang babae. Naramdaman ba siya nito?

Abot-abot ang kaba sa dibdib ni Benedict so he sat leaning against the boulder. Few minutes had passed saka niya sinilip ang babae. But she was gone!

Where did she go?

Nanghihinayang si Benedict dahil nakaalis ang babae nang hindi man lang niya ito nakikilala.

Then something moved from behind him. He turned to look at it but the next thing he knew ay

may naramdaman siyang sakit sa kanyang ulo, saka nagdilim ang buong paligid.

Ilang minuto lang ay nagising siyang napakasakit ng ulo. Pinilit niyang buksan ang mga mata at nagulat siya na ang magandang dalaga na pinapanood niya kaninang naliligo sa talon ay nakaupo sa tabi niya at umiiyak. Dahan-dahang pinupunasan nito ang sugat niya gamit ang towel nito.

“My head hurts!” Benedict groaned. “What happened?”

He tried to sit up kaya inalalayan siya nito.

“You fainted... ginulat mo ako and I... I hit you with you a rock. That’s why you... that’s why you fainted...” Hindi magkandaugaga ang dalaga sa pag-e-explain. She was disgusted with her self.

“I’m sorry, Miss. Kanina I thought you were my sister... I didn’t mean to scare you.”

Madali namang naniwala ang babae sa kanya. Malamang ay nahulaan na nito na siya ang anak na lalaki ni Don Ariston.

“Hindi ko rin naman sinasadyang masaktan ka. I’m sorry... I really am,” sinserong sabi ng babae.

“Hindi ko alam na may nagkalat pa palang

amazona sa Pilipinas,” sabi ni Benedict na bahagyang napangiti.

Iyon ang naging simula ng pag-iibigan nila ni Katrina. They became inseparable since then. Madalas ay nagkikita sila sa talon para maglunoy sa tubig o kaya naman ay mamasyal sa hacienda. Despite their differences, hindi iyon naging dahilan para mahal in nila ang isa't isa.

They were crazily, desperately in love with each other.

For Katrina, Benedict was the epitome of her dreams. Kahit na mayaman ay down to earth pa rin ito kaya nga pati mga trabador sa hacienda ay magiliw rito.

On the other hand, Benedict found Katrina alluring and sweet. She was very different in ways that he couldn't distinguish. She was vibrant and playful na parang ay wala nang bukas. Lalo itong napapamahal sa kanya sa bawat araw na magkasama sila.

But fate interfered. Nagkasakit ang amani Katrina sa bato at naging magastos ang pagpapagamot dito. Dahil walang choice ay napilitang huminto sa pag-aaral ang dalaga. Ang kita ng ama bilang caretaker

ng hacienda ang tanging inaasahan nila noon, kaya napilitan ang ina nito na bumalik sa pananahi. Through these difficult times ay kasama niya si Benedict.

He would have helped in any way he could, but Katrina won't let him. Naiintindihan naman niya kung bakit.

But then, kinailangan na niyang bumalik sa US. Ayaw niyang iwan si Katrina sa ganoong sitwasyon kaya kinausap niya ang amang si Don Ariston. Hindi naman lihim dito ang kanilang relasyon.

Benedict asked his father to help Katrina and his family while he was away. To the extent na bigyan ito ng scholarship para maipagpatuloy ang pag-aaral sa kolehiyo. Nangako ang kanyang ama at pinaalam niyang he meant to marry her by the time he comes back. Sa kanyang pagkakaalam, wala itong anumang objections whatsoever.

Kinausap niya si Katrina bago siya umalis.

“Everything will be all right, baby. Wag kang masyadong mag-alala.” Halik ang iginawad niya sa noo nito.

She was holding on to him for dear life. “But I don't want you to go. Please stay...” Tears were streaming

down her face.

“Please, don’t make it any harder for us. I have to go now, but I promise you that I’ll be back as soon as I can. And when I do, we’ll get married at hindi na natin kailangan pang maghiwalay.” Gayon na lang ang pagpipigil ni Benedict para hindi mapaiyak. “Tell me that you’ll wait.” Wala siyang pakialam even if he sounded desperate.

“I’m yours, Benedict. I’ll wait for you no matter how long it takes.”

“Do you promise?”

“I promise!”

And then they were linked in a tight embrace, each one trying to prolong their final moments together. Benedict tried to comfort her but found that he just couldn’t. Parang sinasaksak ang kanyang puso nang paulit-ulit. He did not trust himself to speak, he was suddenly afraid that he too would cry if he did.

Four months later, Benedict learned from his father that Katrina had a new boyfriend. Kinalimutan na raw siya ng babae at sana raw ay makalimutan niya na rin ito.

Quite unbelieving, he tried to contact her para alamin ang totoo. He wrote her three dozen letters, pero ni isa ay wala itong sinagot. Naghintay siya sa loob na mahabang panahon but all to no avail.

So much for promises...

Benedict was devastated and heartbroken. It was such a long time before he finally decided to move on with his life.

Para makalimot, he set his time and concentration on his studies. Then later on, on his work. He became successful in his chosen profession and did not think for one minute to come back to the Philippines. The love he felt for Katrina was replaced with hatred. He was cursing the girl for her black heart, all the while thinking that his was forever broken and torn apart.